AHA! LEARNING CENTER'S
ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 3

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Paghuhugas ng Kamay".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 3**

Source: Diwa Mental Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🔬

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Mikay ng Bulacan.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, nakita ko po si Papa na nagbasa lamang ng kamay bago sumubo ng pagkain, si Kuya naman po parating kinukusot ang mata niya kahit madumi ang kamay. Ano po kaya ang pwede kong gawin? Dapat ko po ba silang tularan?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Hello, Mikay!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

Para sa Papa at sa Kuya mo, hindi naman siguro masama na paalalahanan natin

sila na hugasang mabuti ang mga kamay sa loob ng 20 segundo. ⏱️🧼🤲 (Nagtitiwala si Teacher na pakikinggan ka nila. 😉)

Isipin mo kung kumain ka o nagkusot ng mata nang marumi ang kamay, parang pinapasok mo na rin sa iyong katawan ang mga germs, bacteria, o viruses na nakakapit dito. 🤜👁️🦠

Tsaka, nagawa na nating maghugas ng kamay sa loob ng 20 segundo noon, bumalik lang tayo sa dating gawi ngayon - limang segundo lang maghugas ng kamay, minsan pa nga'y tubig lang ang gamit. Minsan na rin tayong gumamit ng alcohol pero huminto lang tayo kinalaunan. At, dati na tayong dumidistansya sa kapamilya para magkaroon ng oras sa sarili, pero hindi na natin magawang lumayo ngayon dahil ngayon lang nabuong muli ang ating pamilya. 🚶‍♀️ 🚶‍♂️ 🚶‍♀️

Ito ang tinatawag nating COVID-KALIMOT 🙄 - pagkalimot o pagkawala sa ating isipan ng mga dapat nating gawin bilang pag-iingat sa COVID-19. Pero, huwag nating sisihin ang sarili kung kampante tayo sa loob ng ating bahay at gusto nating sulitin ang oras na ito para makatabi ang ating kapamilya. Bihira lang kasi talagang mangyari ito at naiintindihan ni Teacher ang pagka miss mo sa kanila. 🏠👨👩👧👦

**IV.✊ HAMON**

Base sa mga pag-aaral, kailangang i-ensayo ang bagong pag uugali sa loob ng 21 araw bago ito makakasanayan. Alam kong mahirap ito, pero hindi naman siguro magiging mahirap kung paunti-unti lang natin itong gagawin hindi ba? Simulan muna natin sa paggawa ng mga dating nakasanayan na. 😉

Tulad ng simpleng pag iwas na hawakan ang ilong o bibig, o di kaya'y pagpipigil na kusutin ang mata. Pati pagtakip ng bibig o ilong kapag uubo, babahing, o sisinga gamit ang tisyu, panyo, o di kaya'y loob ng siko. 😭💪

Bukod sa mga nabanggit, kailangan din nating mag-isip ng isang masayang gawain na maaaring sundin at kawilihan ng ating pamilya 👨👩👧👦. Kaya naman naghanda si Teacher ng isang aktibiti.

Sa aktibiti na ito, magiging superhero ka ng iyong pamilya 🦸‍♀️🦸‍♂️. At bilang hero, may laser eyes 👁️ ka na nakakakita ng virus, germs, o bacteria 🦠. Dahil dito may kakayahan kang magsabi kung ano ang dapat nilang gawin - kung uulit 🔁, titigil ✖️, o wasto ✔️ na ang ginawa nilang paghuhugas ng kamay. 💧🧼🤲

Hindi naman siguro masama kung paminsan-minsan ay hamunin natin ang ating sarili na baguhin ang nakasanayan para sa ikabubuti natin sa kasalukuyan. 🤗

Ating din tandaan na kung mas maraming Pilipino ang naghuhugas ng kamay sa wastong paraan 💧🧼🤲, bababa ⬇️ ang bilang ng maaaring magpositibo sa COVID-19 sa bansa. 🇵🇭

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Gaano katagal dapat maghugas ng kamay?
🔎 Ito ang pagkalimot o pagkawala sa ating isipan ng mga dapat nating gawin bilang pag-iingat sa COVID-19?
🔎 Ilang araw kailangang i-ensayo ang mga bagong pag-uugali bago ito makasanayan?
🔎 Ano ang kailangan nating pigilan kung marumi ang ating mga kamay?
🔎 Ano ang dapat gawin kung uubo, babahing, o sisinga?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."